

Taon XXXVI Blg. 24 Disyembre 21, 2005 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Panghawakan ang inisyatiba, isulong ang armadong rebolusyon

I pinagbubunyi ng mamamayang Pilipino ang pangkalahatang pagsigla ng mga taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Ang pagbwelo ng armadong rebolusyon at naipakita nitong kakayahan laluna sa nagdaang tatlong buwan ay kabilang sa pinakatampok at mayor na mga tagumpay ng rebolusyonaryong kilusan ngayong taon.


Ang malaking pagsulong ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa mga nagdaang buwan ay ibinunga ng mahigpit na pagtugon ng mga kumand ng BHB

sa panawagan ng Partido Komunista ng Pilipinas na panghawakan ang inisyatiba at maglunsad ng mga taktikal na opensiba. Layunin nitong patampukin ang rebolusyonaryong armadong paglaban katugon ng pagsulong ng militanteng hayag na kilusang masa para sa pagpapatalsik sa rehimeng US-Arroyo at iabante ang digmang bayan sa susunod na mas mataas na antas sa loob ng estratehikong depensiba.

Batay sa kakayahan ng iba't ibang kumand ng BHB, nakapaglunsad ito ng maraming maliliit at malalaking taktikal na opensiba na nagdulot ng di maliit na kabuuang pinsala sa mga pasistang ar-

madong tropa at iba pang masasamang elemento, laluna sa mga sagadsaring pasista at may mabibigat na krimen sa mamamayan. Malaki-laking bilang ng mga armadong tropa ng AFP at Philippine National Police (PNP) ang nalipol sa kabuuan ng mga taktikal na opensibang ito. Ilampung malalakas na sandata ang nasamsam upang armasan ang mga Pulang mandirigma at palakasin pa ang hukbong bayan.

Ang nagaganap na pagsikad ng mga taktikal na opensiba ay pumupunit sa propagandang pilit na ini-



Mga tampok sa isyung ito...

195 taktikal na opensiba sa loob ng tatlong buwan PAHINA 4 Paglulubid ng mga kwento ni Garci PAHINA 6 Ang "Radyo Ang Bayan" sa Samar PAHINA 10 lalarawan ng AFP-PNP na lipas o kinakapos na ang BHB. Ang pagsigla ng armadong pakikibaka, ang opensibong postura ng hukbong bayan at ang mga nakamit nitong tagumpay sa mga inilunsad na taktikal na opensiba ay nagtataas ng palabang diwa, militansya at kapasidad ng mga Pulang mandirigma at mamamayang Pilipino sa armadong pakikibaka.

Ang matatagumpay na taktikal na opensibang ito ay ambag ng mga rebolusyonaryong armadong pwersa sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino laban sa papet, mapandambong, mapanlinlang, brutal at bulok na rehimeng US-Arroyo. Sa pamamagitan ng maramihang pagbigwas sa pangunahing haligi nito, matitinding pinsala ang iniinda ng kinamumuhiang rehimeng US-Arroyo. Nasasabayan ng mga taktikal na opensibang ito ang kampanyang masa para sa pagpapatalsik sa rehimen at tinutugunan ang mahigpit na kahilingan ng mamamayang Pilipino na parusahan ang rehimeng US-Arroyo sa malalaking kasalanan nito sa bayan. Pinatatampok ng mga opensibang ito ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka at nagbibigay-inspirasyon sa mamamayan na bagtasin ang landas ng sandatahang paglaban.

Nakadiskaril at nakapanira ang mga taktikal na opensiba ng BHB sa kampanyang panunupil ng rehimeng US-Arroyo sa mga rebolusyonaryong erya sa kanayunan. Bunga nito, natamo ng mga yunit ng BHB ang mas malaking kaluwagan sa pagpapalawak at pagpapatatag ng mga larangan, sona at baseng gerilya at pagsusulong ng iba't ibang rebolusyonaryong gawain sa kanayunan.

Bukod sa napabubulaanan ang pagmamayabang ng kaaway na nagtatagumpay sila sa kampanyang panunupil, and mga pinsaland patulov na natatamo ng mga pwersa ng kaaway sa harap ng sunud-sunod at tampok na matatagumpay na taktikal na opensiba ng BHB ay nagpapalala sa demoralisasyon, dibisyon at pagkaligalig sa loob ng AFP-PNP, laluna sa hanay ng mga nakababatang upisyal at karaniwang sundalo. Isa rin itong salik sa pagdami ng mga grupo ng disgustado at naliliwanagang mga upisyal at sundalo ng AFP-PNP na lihim na naq-oorganisa sa loob ng AFP-PNP laban sa itinuturing nilang iligal na commander-in-chief. Bilang bahagi

ng pagsisikap ng mga rebolusyonaryong pwersa na itulak ang disintegrasyon ng mga sandatahang pwersa ng estado, aktibong nakauugnay, nakapag-aalyado, nakapagmumulat at nakapag-oorganisa na rin ang Partido, BHB at iba pang rebolusyonaryong pwersa sa iba't ibang bahagi ng reaksyunaryong hukbo.

Ang bugso ng mga taktikal na opensiba sa nagdaang tatlong buwan ay nagbibigay sa maraming rehiyon at larangang gerilya ng BHB ng mayamang karanasan at mahahalagang positibo at negatibong aral sa pagpapaunlad ng koordinadong pakikidigmang gerilya kapwa sa antas ng masaklaw na pagpaplano, at sa pagpapatupad ng mga plano sa antas ng operasyon at sa antas ng labanan.

Sa pamamagitan ng pagtulak ng mga taktikal na opensiba, ang nakaraang tunguhin sa konserbatismong militar ay puspusang pinangingibabawan.

Sa maraming aral na natutunan sa mga karanasang ito, kabilang sa pinakaimportante ang sumusunod: Upang sistematikong mapanghawakan ng BHB ang inisyatiba sa digmaan, kailangan ang masaklaw na pagpaplano ng mga koordinadong operasyon ng BHB, mula sa antas rehiyon hanggang sa larangan. Sa gayong paraan, matatapatan at masisira ang paghawak ng kaaway sa inisyatiba at mga plano nito sa gayon ding saklaw.

Para rito, mahalagang napagaaralan ang konsepto at kabuuang plano ng kaaway at ang pagpapartikularisa nito sa antas ng rehiyon hanggang mga larangang gerilya upang bago pa man nila ito maisakatuparan, nasusuri at napaghahandaan na natin ang kanilang mga hakbangin. Sa tulong rin ng tuluy-tuloy na gawaing intelidyens ay nasisilip na natin ang bukas at mahihinang latag at galaw ng kaaway kung saan relatibong malu-

*Bayan

Taon XXXVI Blg. 24 Disyembre 21, 2005

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga
artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:
angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal Panghawakan ang inisyatiba, isulong ang armadong rebolusyon 1 Matatagumpay na TO Sa nakaraang tatlong buwan 3 Pinakahuling mga TO 4 5 Walang tigil-putukan sa Pasko Paglulubid ng kwento ni Garci 6 Bagsak ang grado ni Arroyo 7 Kumperensya ukol sa malarya 8 Programa laban sa malarya 9 "Radyo *Ang Bayan*" sa Samar 10 Sa ibayong dagat Nagkakaisang prente sa Nepal 11 Tagumpay laban sa WTO 12 **Balita** 13

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

wag na makakikilos ang BHB at masasamantala ang mga bulnerableng bahagi ng kaaway.

Kailangang nakabubuo ang mga namumunong komite ng Partido at kumand ng BHB sa antas ng rehiyon hanggang mga larangan ng mga planong naglalayong sirain ang kampanya ng kaaway sa lugar upang makapagmantine o magtamo pa ng mas malaking kalayaan ang mga yunit ng BHB sa pagpapalawak at pagpapatatag ng mga larangang gerilya.


Mahalagang hanggat kakayanin at kung walang ibang mahalagang kailangan pang isaalang-alang, bago pa man o habang nagsisimula pa lamang pumasok, pumwesto o maglatag ang kaaway sa binabalak nilang konsentrahang mga larangan, sona o baseng gerilya ay aktibong nabibira na ito. Sa gayon, nabubulabog ang plano nila sa lugar at namamantine ng BHB ang masaklaw na inisyatiba.

Napakaimportante na mahiqpit na pinagkokoordina ng mga namumunong komite ng Partido sa rehiyon hanggang larangan ang mga planong pulitikomilitar at maging mga planong organisasyunal. Ang mga planong militar ay mahalagang nagtataguyod at nangangalaga sa mga planong pulitikal at organisasyunal, kabilang ang pagpapalawak at pagpapatatag ng baseng masa sa kanayunan, pagsusulong ng rebolusyong agraryo at iba pang kilusang masa, pag-aatupag sa mga gawain sa mga kabayanan, pagsusulong ng mga gawaing edukasyon at propaganda, pagtatayo at pagpapalapad ng rebolusyonaryong nagkakaisang prente, pagpapalakas ng Partido at hukbong bayan, at iba pa. Gayundin, ang mga planong pulitikal at organisasyunal ay mahalagang sumusuporta at nagpapalakas ng mga planong militar.

Sa mulat na pagbabalak, paghahanda at paglulunsad di lamang ng paisa-isang taktikal na opensiba, kundi ng mas masaklaw at koordinadong mga planong pulitiko-militar, naiiwasan ng BHB na maging pasibo sa harap ng masaklaw at tuluy-tuloy na mga operasyon at kampanyang militar ng kaaway. Sa paghawak ng masaklaw na inisyatiba, maipagkakait ng BHB sa AFP ang puwang at pagkakataong buonglayang makapaghari at makapanalanta, habang namamantine ng BHB ang mas malaki pang kalayaang kumilos sa mga larangan, sona at baseng gerilya.

Sa kalahatan, sa tulong ng masiglang bugso ng mga taktikal na opensiba ng BHB nitong huling tatlong buwan, naitaas ang kakayahan ng mga yunit ng hukbong bayan sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba, pagkokoordina ng mga operasyon ng BHB sa iba't ibang antas, at lahatang-panig na pagsusulong ng armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo, kilusang masa, pagtatayo ng rebolusyonaryong base, at nagkakaisang prente.

MATATAGUMPAY NA OPENSIBA NG BHB



Sa loob ng tatlong buwan

Matatagumpay na taktikal na opensiba at iba pang aksyong militar sa buong kapuluan

akapaglunsad ang Bagong Hukbong Bayan ng mahigit 195 taktikal na opensiba at iba pang aksyong militar sa iba't-ibang panig ng bansa mula Setyembre 13 hanggang Disyembre 16 ngayong taon, ayon sa inisyal na mga ulat. Ang malaki-laking bilang na ito ay resulta ng matamang pagtalima ng BHB sa panawagan ng Partido Komunista ng Pilipinas nitong Setyembre na panghawakan ang inisyatiba at ilunsad ang mga taktikal na opensiba.

Hindi bababa sa 108 malalakas na riple at mga pistola ang nadagdag sa arsenal ng Pulang hukbo mula sa mga aksyong militar sa panahong ito. Bukod pa ang mga ito sa nasamsam na libu-libong bala at iba pang kagamitang militar.

Umabot sa mahigit 230 militar, pulis at mga armadong operatiba ng kaaway ang napatay sa panahong ito at mahigit 144 naman ang nasugatan. Limang magigiting na kasama ang nagbuwis ng buhay sa naturang mga labanan.

Sa mga opensiba, di bababa sa 18 reyd ang nai-



tala samantalang nakapagtala naman ng di bababa sa 17 na ambus laban sa kaaway. Di kukulangin sa 70 ang operasyong harasment sa militar at pulisya. Samantala, naitala ang 10 isnayping, pitong agaw-armas at tatlong pandidisarma.

Kabilang sa pinakatampok na matatagumpay na ambus ang isinagawa ng Benito Tesorio Command sa Jones, Isabela nitong Disyembre 15 kung saan 20 sundalo ang nalipol at marami ang nasugatan. Tampok din ang isinagawang ambus laban sa 45th IB sa Echaque, Isabela noong Setyembre 22 kung saan 27 sundalo and nalipol at and pananambang laban sa 1st Scout Ranger Battalion at 47th IB sa Calinog, Iloilo noong Nobyembre 19 kung saan sampu ang napatay at 25 ang nasugatan.

Kabilang naman sa matatagumpay na reyd ang isinagawa noong Oktubre 15 sa isang detatsment ng 78th IB sa Tuburan, Cebu kung saan nasamsam ang apat na M16 at apat na M14 at napatay ang tatlong sundalo; at ang isinagawa nitong Disyembre 5 sa isang detatsment ng PNP sa Bato, Camarines Sur kung saan nasamsam ang limang M16, isang M14 at tatlong pistola, at napatay ang dalawang mga pulis at nasugatan ang tatlo pa. Gayundin, mahusay na nailunsad ang mga walang putok na reyd noong Nobyembre 11 sa himpilan ng pulisya sa Quezon, Bukidnon kung saan anim na M16 at limang iba't ibang klase ng pistola ang nasamsam at noong Nobyembre 8 sa isang detatsment ng 110st PMG-PNP sa Tagum City kung saan nasamsam ang tatlong M16, isang M14, isang shotgun at dalawang pistola.

Sa inisyal na ulat na hawak ng AB, pinakamarami ang nasamsam na armas ng BHB sa Southern Mindanao (29), North Central Mindanao (28), North Eastern Mindanao (21) at Central Visayas (16).

Mula Enero hanggang Agosto naman, nailathala sa AB ang 43 taktikal na opensiba at iba pang aksyong militar. Sa mga ito, 16 ang ambus, siyam ang reyd, anim ang operasyong haras, dalawang isnayping, dalawang pandidisarma, tatlong pamamarusa at iba pa. Mula sa mga taktikal na opensiba sa mga buwang ito, nasamsam ang 97 baril. Napatay ang di bababa sa 154 kaaway at nasugatan angdi kukulangin sa 84. Anim na Pulang hukbo ang nasugatan.

Ilan sa pinakamatitingkad na opensiba ang inilunsad noong Hunyo 3 sa Tubo, Abra kung saan nasamsam sa isang reyd ang 30 malalakas na armas at nasugatan ang 3 sundalo at 4 na elemento ng CAFGU; at ang inilunsad sa istasyon ng PNP sa Magpet, North Cotabato noong Hunyo 26 kung saan nasamsam sa walang putok na reyd ang 24 armas.

Kahit sa kalagayang depensibo, naaaqaw pa rin ng BHB ang inisyatiba at naipapanalo ang labanan. Ngayong taon, nakapagtala ang AB ng apat na kaso ng depensibang naipanalo kung saan nasamsam ang dalawang baril, napatay ang sampung sundalo at nasugatan ang pito pa.

Kahit ang pinlano nang ambus ng kaaway laban sa BHB ay nagawang target ng opensiba ng BHB. Noong Nobyembre 27, nagkontraambus ang mga Pulang gerilya sa pusisyong pang-ambus ng isang platun ng Bravo Coy ng 21st IB sa Ab-abaan, Balbalan, Kalinga. Tatlong sundalo ang napatay.

24 tropa ng militar nalipol sa Cagayan Valley

HINDI bababa sa 23 sundalo ng 45th IB at 51st Reconnaisance Coy ang nalipol sa magkakasunod na pagsalakay ng mga gerilya ng Benito Tesorio Command ng BHB sa bayan ng Jones, Isabela nitong Disyembre 15.

Tatlong sundalo ang unang napatay nang harasin ng mga Pulang mandirigma ang kampo ng Philippine Army sa Barangay Linumot, Jones.

Sa tangkang makabawi ng inisyatiba, naglunsad ng "hot pursuit operation" ang magkasanib na pwersa ng dalawang yunit militar. Ngunit nauwi lamang ito sa kabiguan nang tambangan sila ng BHB sa Barangay Santa Isabela. Humigit-kumulang 20 ang napatay sa kaaway at marami ang mga nasugatan.

Hinaras din ng mga Pulang mandirigma noong araw na iyon ang detatsment ng Citizens Armed Forces Georgraphical Unit (CAFGU) sa Barangay San Jose, San Mariano, Isabela.

Sa Cagayan, isang sundalo ang napatay at di mabilang ang mga nasugatan nang maglunsad ng operasyong isnayping noong Disyembre 12 ang isang tim ng BHB laban sa 18-kataong Reengineered Special Operations Team (RSOT) ng 17th IB na nakahimpil sa Barangay Conig, Gattaran.

Noong Nobyembre 24, binulabog ng isang yunit ng BHB ang kampo ng 17th IB sa Barangay Ibulo, Baggao. Bago ito, sinunog naman ng mga gerilya ang kampo ng kinamumuhiang 17th IB sa Barangay Bural, bayan ng Rizal.

10 armas nakumpiska ng BHB sa isang despotikong asendero sa Leyte

SAMPUNG iba't ibang kalibreng armas ang nasamsam ng mga mandirigma ng ng Mt. Amandewin Command ng BHB sa Leyte nang disarmahan nito ang isang despotikong panginoong maylupa sa bayan ng Tabango noong gabi ng Disyembre 14. Kabilang sa nasamsam na mga sandata mula kay George Aznar at apat nitong *goons* ang dalawang M16, isang karbin, isang Ingram *machine pistol*, isang *shotgun*, isang pistolang 9 mm, tatlong .38 na rebolber isang ripleng .22 at 902 iba't ibang klaseng bala. Nakumpiska rin ang tatlong radyong VHF at dalawang *cellphone*.

Nagsisilbing babala kay Aznar ang operasyong ito. Ang despotikong malaking panginoong maylupang ito ang may-ari ng mahigit 2,000 ektaryang lupaing natatamnan ng niyog at sumasaklaw sa mga baryo ng Catmon, Manlawaan, Tugas at Poblacion Tabango.

2 upisyal ng Philippine Army napatay sa ambus sa North Cotabato

ISANG major at isang tinyente ng Philippine Army ang kabilang sa tatlong napatay nang masabugan ng command-detonated landmine ang sinasakyan nilang sikbay noong Disyembre 15 sa bayan ng Tulunan, North Cotabato. Umabot sa 20 ang bilang ng nasugatang mga tropa ng militar.

Kinilala ang mga upisyal na sina Major Ledo, Executive Office (Ex-O) ng 39th IB at Lt. Sulas ng 54th Engineering Brigade. Lulan sila ng isang siksbay na naglalakbay sa likod ng mga naglalakad na sundalo. Tumapat sa *land mine* ang trak nang iwasan nito ang isang malaking batong nakaharang sa daan.

Sa ibang bahagi ng bansa

Sa Camarines Norte. Sinalakay ng mga partisano ng BHB noong gabi ng Disyembre 16 ang isang safehouse ng militar at napatay si Sgt. Mario Jakosalem, operatibang paniktik ng 31st Infantry Battalion sa Barangay Poblacion, Capalonga.

Sa Bulacan. Dalawang kawal ng PNP Special Action Force at isang sundalo ng 23rd Reconnaisance Coy ng Philippine Army ang napatay nang makasagupa nila ang mga gerilyang BHB sa San Jose Del Monte City noong Disyembre 11. Ang pinagsanib na mga pwersa ng militar at pulis ay nagsasagawa ng "training mission". Pagpasok sa Sityo Ilas, Barangay San Isidro, sinalubong sila ng putok ng mga Pulang mandirigma.

Sa Tagum City. Apat na sundalo ng Philippine Army ang nalipol sa pananambang ng mga partisano ng BHB sa Tagum City nitong Disyembre 20. Ang mga kaswalti ay kabilang sa Operational Control Unit ng 404th IB. Dumadaan sa pamilihang bayan ang kanilang sasakyang militar nang ambusin sila ng BHB.

Walang tigil-putukan sa harap ng mga pasistang atake ng rehimeng US-Arroyo

WALANG nakikitang batayan ang Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan (BHB) upang magdeklara ng tigil putukan sa darating na Pasko at Bagong Taon.

Sa harap ito ng walang habas na pag-atake ng mga pwersang militar at iba pang armadong galamay ng rehimeng US-Arroyo sa mga di-armadong sibilyan at paglapastangan nito sa usapang pangkapayapaan.

Ang hindi pagdedeklara ng tigil-putukan ngayong taon ay pagtugon sa mahigpit at malawak na kahilingan ng mamamayang Pilipino na ibayo pang bigwasan ng BHB ang labis na kinamumuhiang rehimeng US-Arroyo upang lalo pang itulak ang pagbabagsak nito. Inihahambing ng PKP ang kasalukuyang sitwasyon sa panahon ng bisperas ng pagpapatalsik sa rehimeng Estrada.

Hanggang nitong mga nagdaang araw, walang tigil ang kampanya ng pamamaslang ng rehimeng US-Arroyo sa mga aktibista at lider ng mga demokratikong organisasyon. Ang bilang ng mga pinaslang ng rehimeng US-Arroyo nitong nakaraang 10 buwan ay umabot na sa 110 matapos na patayin ang apat pang aktibista nitong Disyembre 16 sa Central Luzon. Tuluytuloy din ang mga mapanalanta at mapang-abusong operasyong militar sa iba't ibang panig ng bansa.

Pinalalabas ng pamunuan ng AFP na tatalima sila sakali mang magdeklara ang gubyerno ng unilateral na tigil-putukan. Ngunit sa buong kasaysayan ng kanilang mga unilateral na tigil-putukan, hindi tumitigil ang kanilang mga operasyong militar. Sa aktwal, walang kaibahan sa kanila kung mayroon man o walang tigil-putukan.

Humahabang paglulubid ng mga kwento ni Garci

Virgilio Garcillano sa pinakainabangang pagharap niya sa kongreso noong Disyembre 6 at 13. Wala siyang kakurap-kurap na nagsinungaling at paulit-ulit na tumangging sagutin ang mga tanong na tumutukoy sa malawakang pandaraya noong nakaraang eleksyon.

Litaw na litaw ang pilit na pagtatakip ni Garcillano sa katotohanan. Aniya, minsan lamang niya kinausap si Gloria Arroyo at wala silang pinag-usapang pandaraya, taliwas sa narekord sa teyp na di kukulangin sa 15 beses na tinawagan siya ni Arroyo at panay mga pandaraya ang pinag-uusapan.

Pinalalabas din ni Garcillano na hindi siya lumabas ng bansa sa kabila ng dokumento mula sa gubyerno ng Singapore na nagpapakitang lumapag doon si Garcillano noong Hulyo 14 sakay ng isang Subic Air Learjet at lumipad kinabukasan patungong London, UK. Nang hiningi ng Kongreso ang pasaporte niya, inabot ng mahigit isang linggo bago niva ito nailabas para palabasing wala itong marka ng pagpasok at paglabas niya sa Singapore. Ibinulgar ni Sen. Lacson na ang pasaporte ay "inayos" ni PNP Senior Superintendent at CIDG-NCR Director Asher Dolina.

Katulad ng kanyang banta,

naglabas siya ng listahan ng mga

tumangging humingi sila ng anumang pabor kay Garcillano.

Dalawahan ang layunin ni Glarcillano dito: ipahiwatig na ang oposisyon ay sangkot din sa maruming eleksyon. O, kung tumanggi man silang may masamang layunin ang pagtawag nila kay Garcillano, masuportahan ang katwiran ni Gloria Arroyo na ang pagtawag niya noon kay Garcillano ay walang anumang kinalaman sa pandaraya sa halalan.

Sa pagharap at pagtestigo niya sa kongreso, sa halip na isara ang usapin ng pandaraya ni Arroyo sa nagdaang halalan, lalo lamang nagkumpirma sa laganap na paniniwalang nakipagkutsabahan siya kay Arroyo upang manipulahin ang resulta ng nagdaang halalan.

Samantala, sa katulad na pagdinig sa Senado ukol sa "Gloria-Garci tape," kusang humarap si Marietta Santos, isa sa mga ka-

ofth III

laguyo ni Sgt. Vidal Doble—isang tauhan ng Intelligence Service of the Armed Forces of the Philippines (ISAFP) na kabilang sa pangkat na nagsagawa ng wiretapping kina Garcillano at Arroyo. Ayon kay Santos, siya mismo ay pinapasok ni Doble sa loob ng "Blue Room" kung saan naroon ang mga kagamitan ng ISAFP para sa paniniktik sa mga cellphone. Pinangalanan niya ang pinuno at iba pang elemento ng ISAFP na kabilang sa pangkat ni Doble.

Ikinwento umano sa kanya ni Doble na kabilang sa mga pinapakingan nila ang mga pag-uusap nina Garcillano at Gloria Arroyo. Idinaqdag ni Santos na ang mga "Gloria-Garci" tape ay kusang-loob na ibinenta ni Doble kay Samuel Ong. Taliwas ito sa paratang na "pwersahang detensyon" na inaakusa ng rehimeng Arroyo kay Ong. Si Ong ang dating Deputy Director ng National Bureau of Investigation na umamin noong Hunyo na hawak niya ang lahat ng tape na naglalaman ng mga pakikipag-usap ni Garcillano.

Nagkukumahog na itinanggi naman ng mga upisyal ng ISAFP na sangkot sila sa wiretapping. Anila,

THY.

wala silang kagamitan para sa pagmonitor ng mga cellphone. Tumanggi naman ang mga ito na tumestigo sa Senado sa kabila ng utos ng mga mambababatas na humarap sa mga pagdinig doon.

Lumalaking lamat sa hanay ng militar

Muling nabuhay ang multo ng pag-aalsang militar nang naganap ang kakaibang pagkilos ng ilang tropa ng militar sa Metro Manila

mangging kilala si Garcil-

lano at ang iba nama'y

noong Disyembre 11. Bagaman itinanggi ng Malakanyang na mayroong banta ng kudeta, nag-alerto ang buong AFP at PNP sa Metro Manila at mahiqpit na nagmanman sa kilos ng mga sundalo at mamamayan sa pamamagitan ng pagtatayo ng palipat-lipat na mga tsekpoynt sa sentrong syudad. Apat na nakababatang upisyal ang inaresto at ininteroga. May tinukoy ding isang heneral at apat na colonel, kabilang ang dalawang upisyal ng PNP na sangkot umano sa isang tangkang kudeta noon sanang Disyembre 12.

Bago ito, madaling araw ng Disyembre 6, pinaulanan ng bala ang Lourdes Tuason-Arroyo (LTA) Building, isang gusaling pagmamay-ari ng pamilyang Arroyo sa Makati City. Sa LTA nag-uupisina ang tinatawag na "The Firm," isang kumpanya ng mga abugado na pinamumunuan ni Mike Arroyo at pinupugaran ng mga opereytor ng pamilyang Arroyo sa pangungurakot at pandaraya.

Ilang oras lamang matapos ito, magkakasunod na pinasabugan ng mahihinang eksplosibo ang harap ng bahay ni Rep. Ronaldo Puno, kilalang opereytor ni Mike Arroyo; ang sasakyan ng dating upisyal ng COMELEC na si Roque Bello sa harap ng pag-aari niyang Ernest Printing Press sa Caloocan; at ang harap ng Rounce Printing Press sa Parañaque. Sa dalawang imprenta naiulat na inilimbag ang sobrang electoral returns na ginamit ni Arroyo sa kanyang pandaraya.

Ang mga ito ay agad inako ng Enlightened Warriors, isang grupo ng mga sundalong nagpahayag ng kahandang kumilos para maibagsak na si Arroyo. Ayon sa pahayag ng nagpakilalang Miguel Alonzo, ang kanilang isinagawa ay babala sa lahat ng mga "singungaling, mandaraya at magnanakaw." Sinabi nilang ang mga atake ay simbulo ng laganap na disgusto at galit ng

Bagsak ang grado ni Arroyo maging sa labas ng bansa

B agsak na bagsak ang rehimeng Arroyo maging sa pananaw ng ibang mamamayan ng daigdig. Sa sarbey na pinamagatang Freedom in the World na inilabas nitong Disyembre 19, ang Pilipinas sa ilalim ng rehimeng Arroyo ay bumagsak sa kategoryang "bahagyang malaya" mula sa dating "malaya." Ang sarbey ay isinagawa ng Freedom House, isang grupo ng mga abogado sa karapatang-tao.

Kabilang ang Pilipinas sa apat na pinakamababa sa kategoryang "bahagyang malaya" kasama ang Afghanistan, Singapore at Thailand. Sa lahat ng mga bansa, pinakamabilis ang pagbulusok ng kategorya ng Pilipinas. Tinukoy na mga pangunahing salik sa ganitong pagbagsak ang mga kontrobersya sa pandaraya sa eleksyon, korapsyon at represyon sa oposisyon at iba pang nagpuprotesta.

Ayon naman sa World Economic Forum, sa lahat ng bansang sinarbey nila pinakamababa ang pampublikong tiwala sa pamumuno ni Gloria Arroyo.

mga sundalo ng AFP laban sa di lehitimo at korap na rehimeng Arrovo.

Nito namang Disyembre 14, tumakas mula sa detensyon si Marine Capt. Nicanor Faeldon, isa sa mga nakulong na susing lider ng grupong Magdalo. Ayon sa kanyang iniwang pahayag, lalo lamang pinatutunayan ni Arroyo na wasto ang kanilang ipinaglaban nang nag-alsa sila noong Hulyo 2003. Ani Faeldon, tumakas siya upang lumahok sa pakikipaglaban para ibaqsak ang qubyerno ni Arroyo at suportahan ang maitatayong gubvernong pangtransisyon. Ipinakikita nitong nananatiling palaban ang grupong Magdalo, sa kabila ng paisa-isang nabibili at napababaligtad ng rehimeng Arrovo.

Lamat sa hanay ng kampong Arroyo

Malawakang pagbatikos ang sumalubong sa rekomendasyong transitory provision (probisyong pangtransisyon) ng Constitutional Commission (ConCom), isang grupong binuo ni Arroyo upang maghapag ng borador ng mga susog sa konstitusyon. Labis na ikinagalit ng na-

kararami ang nilalaman ng transitory provision na nagsasaad na hindi na idaraos ang eleksyon sa 2007, at sa halip, lahat ng mga halal na upisyal ng gubyerno—mula presidente hanggang upisyal ng baranggay—ay awtomatikong madaragdagan ng tatlo pang taon sa poder. Ang mga kongresman at senador ay awtomatikong uupo na rin bilang mga myembro ng bagong bubuuing parlamento.

Binatikos din ng marami ang mga prubisyon na magbibigay kay Arroyo bilang presidente ng kapangyarihan na ipailalim sa kanyang poder ang sinumang mahahalal na Punong Ministro.

Tinawag ni Sen. Franklin Drilon na "lantarang panunuhol" ang ulat ng ConCom na layong makuha ang suporta ng kasalukuyang mga naka-upong pulitiko sa pamamagitan ng pangakong uupo sila hanggang sa 2010.

Bukod sa matinding batikos mula sa iba't ibang sektor ng mamamayan at mula sa oposisyon, ang rekomendasyong ito ng Con-Com ay nagbubunsod rin ngayon ng lalong paglaki ng lamat sa loob ng kampong Arroyo. Hindi masik-

mura kahit ng ilang maka-Arroyong pulitiko ang mga garapal na maniobrang ito. Bukod kina Sen. Franklin Drilon at Francis Pangilinan ng Liberal Party, maging ang mga kapwa kasapi ng partido ni Arroyo na sina Senador Joker Arroyo, Ralph Recto at Richard Gordon ay bumatikos sa rekomendasyon, kahit na pare-parehong magtatapos sa 2007 ang termino nila sa Senado.

Maging sa loob ng 50-katong ConCom, na pinili kapwa ni Arroyo at dating Presidente Fidel Ramos, nagkaroon ng banggaan sa usapin ng "transitory provision." Ang probisyong ito ay tinutulan ng 20 myembro ng ConCom na karamihan ay mga pinili ni Ramos. Matagal nang iginigiit ni Ramos na isakatuparan sa 2007 ang pagbabago ng anyo ng gubyerno tungong sistemang parlamentaryo; at kaakibat nito, putulin ang termino ni Arroyo sa taon ding iyon. Nagmamadali si Ramos na mapalitan si Arroyo sa poder at baka maunahan pa ng oposisyon, mga progresibong grupo at mga rebeldeng grupong militar.

Sampal sa mukha kapwa ni Ramos at ni Speaker Jose de Venecia ang rekomendasyong transitory provision ng ConCom. Ang dalawang pinuno ng koalisyong Lakas-CMD ang pinakamasugid na kasabwat ni Arroyo sa usapin ng pagbabago ng konstitusyon. Matagal nang inihahanda ng Malakanyang ang paglilipat ng mga miyembro ng Lakas-CMD tungo sa KAM-PI, ang partido ni Arroyo na tinitimon ngayon ni Rep. Ronaldo Puno, gayundin ang pagpapalit ni Surigao del Sur Rep. Prospero Pichay kay de Venecia bilang Speaker of the House. Sa gayon, mawawalan ng baseng suporta sina Ramos at de Venecia.

Ang mga maniobrang ito ng Malakanyang ang nag-uudyok ng mga lantarang aksyon laban kay Arroyo ng mga malalapit kay Ramos. Noong Disyembre 14, idineklara ni Fortunato Abat, retiridong heneral at dating upisyal ni Ramos, ang pagtatayo ng isang "gubyernong transisyunal" kasama ang iba pang malalapit kay Ramos. Mabigat itong sinalubong ni Arroyo. Dalawang araw matapos ideklara ang "gubyernong transisyunal," ipinagutos ni Arroyo ang pagaresto at pagsampa ng kasong "inciting to sedition" kay Abat, dating Budget Secretary Salvador Enriquez, dating Ambassador Roy Señeres at Atty. Charlie Serapio.

Ang ganitong mga aksyon ay nagkukubli sa mga lihim na paghahanda nina Ramos ng mas marahas na paraan ng pag-agaw ng kapangyarihan kung tatalikuran ni Arroyo ang pangako niya kina Ramos at de Venecia na magbibitiw na siya sa 2007 kapalit ng Cha-cha. Tuluy-tuloy na namumuo ang hidwaan sa pagitan nina Arroyo at Ramos at malamang na sasambulat sa hinaharap.



Kumperensya ukol sa malarya, idinaos

Patunay ng seryosong pagsisikap ng rebolusyonaryong kilusan na harapin ang mga suliraning pangkalusugan ng mamamayang Pilipino, isang kumperensyang medikal ukol sa paglaban sa malarya ang isinagawa ng mga medik ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa at ng Bagong Hukbong Bayan noong Hunyo 2005.

Layunin ng Kumperensya Laban sa Malarya na itaas ang kakayahan ng rebolusyonaryong kilusan at hukbo sa paglaban at pagpuksa sa sakit na malarya. Dinaluhan ang kumperensya ng mga delegado mula sa Luzon at Mindanao.

Ang malarya ay isa sa pinakanakamamatay na sakit sa bansa ngayon. Ayon sa datos ng Department of Health, patuloy na nananalasa ang malarya sa 61 prubinsya sa bansa. Sa 19 na prubinsya sa Luzon at Mindanao, tuluy-tuloy ang taunang paglaki ng bilang ng mga nagkakasakit ng malarya sa nakaraang dekada. Lumalagpas sa 1,000 katao ang naitatalang biktima ng malarya sa ilang prubinsyang palagian itong nananalasa, tulad ng Palawan, Mindoro Occidental at Agusan del Sur.

Ang malarya ay isa rin sa mga sakit na bumibiktima sa maraming mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan, laluna sa mga mabubundok na prubinsya kung saan marami na ang hinawang kagubatan (na nagbubunsod ng pagkabulabog ng mga lamok) at atrasado ang kabuhayan at kulang na kulang suporta ng gubyerno sa kalusugan, medikasyon at iba pang serbisyo sa mamamayan.

Sa isang rehiyon sa Mindanao, umabot sa mahigit 700 mula sa hanay ng mga Pulang mandirigma ang nagkaroon ng malarya nitong 2001-2005. Sa nakaraang limang taon, tatlong rehiyon sa Mindanao at tatlong rehiyon sa Luzon ang nakaranas ng mga epi-

demya ng malarya kung saan nabiktima ang mayorya ng isang platun o kumpanya.

Pagtukoy at paggamot. Sinentruhan ng kumperensya ang mga naging problema sa pagtutukoy at pagbibigay ng angkop na gamot sa mga lugar kung saan laganap ang sakit na malarya. Sa naunang kumperensyang medikal laban sa malarya, may napagkaisahan nang mga alintuntuning dapat sundin ng mga upisyal medikal para sa pagtutukoy at paggamot ng sakit na ito. Tinasa ng kumperensya ang mga probleng kinaharap sa pagpapatupad nito.

Kabilang sa mga ito ang wastong pagtukov sa klase ng malarva na mayroon ang pasyente. Sa Pilipinas, mayorya ng nagkakasakit ay dulot ng dalawang tipo ng parasito - ang *Plasmodium falciparum* (na sanhi ng 84% ng kaso ng malarya) at Plasmodium vivax (na sanhi ng 14% ng kaso). May mga kaso na kumbinasyon ng dalawang klase ng malarya ang tumatama sa pasyente. May isa pang tipo ng parasito ng malarya - ang Plasmodium malariae - na sanhi ng kulang sa 1% ng kaso ng malarya sa bansa. Matatagpuan ito sa ilang lugar sa Davao Oriental.

Magkaiba ang paggamot ng malarya dulot ng P. falciparum at P. vivax. Kung hindi wasto ang pagtukoy ng parasitong nagdudulot ng malarya sa isang pasyente, hindi magiging angkop ang paggagamot. Ang pamamaraan ng wastong pagtukoy ng parasito ay sa pamamagitan ng pagkuha ng dugo (blood smear) at pag-eksamen nito sa mikroskopyo.

Gayundin, may mga pagkakataong kahit natukoy na ang wastong parasito ay hindi pa rin ito angkop na nagagamot. May mga pasyenteng hindi kinukumpleto ang dosis dahil hindi sapat na naipaliwanag sa kanila ang mga hindi kanais-nais na epekto ng mga partikular na

Programa laban sa malarya

B inalangkas sa kumperensya ang isang programa sa pagkontrol sa malarya. Layunin ng programa na itaas ang kaalaman ng mga rebolusyonaryong pwersa at ng mamamayan tungkol sa malarya upang maiwasan ito at malapatan ng angkop na lunas ang mga nagkakasakit. Sumusunod ang mga sangkap ng programa:

- ▶ malawakang edukasyong pangkalusugan sa mga rebolusyonaryong pwersa at masa sa mga lugar kung saan laganap ang sakit
- ▶ kilusang masa sa anyo ng kampanyang pangkalusugan para magpatupad ng pamigil na mga hakbangin katulad ng maramihang pagtatanim ng punong *neem*
- ▶ paggamit ng personal na proteksyon tulad ng kulambong ibinabad sa insektisidyo o iba pang pamuksa o pantaboy sa lamok
- ▶ maagap na pagtukoy ng mga positibong kaso sa pamamagitan ng aktibong pagmamanman sa mga sintomas sa hanay ng Hukbo at masa sa mga lugar na laganap ang malarya;
 - ▶ maagap, sapat at angkop na paggamot
- ► maagap na pagsangguni sa klinika o ospital ng mga pasyenteng may kumplikasyon
- ▶ pagsasanay sa mga medik at komiteng pangkalusugan sa baryo

gamot tulad ng pagkahilo.

Sa mga baryo, sinusunod ng mga upisyal medikal ng reaksyunaryong gubyerno ang napakaluma nang mga alintuntunin. Isang halimbawa dito ang pagrereseta ng Chloroquine lamang para sa P. falciparum sa halip ng inirerekomendang kumbinasyon ng Chloroquine at Sulfadeoxine-Pyrimethamine. May mga lugar din sa bansa na hindi na umuubra ang karaniwang gamot sa malarya.

Sa harap nito, nakita ng kumperensya ang kahalagahan ng mabilis na pagpapalaganap ng batayang impormasyon kaugnay ng malarya laluna sa mga lugar kung saan nananatiling mataas ang insidente nito. Gayundin, natukoy ng kumperensya na kulang pa ang mga pagsasagawa ng mga hakbanging panansala.

Mga inisyal na tagumpay. Idineklara ng kumperensya na naging mabunga at matagumpay ang nailunsad na kampanya laban sa malarya sa hanay ng hukbo at mamamayan sa Cagayan Valley at Central Luzon sa nakaraang dalawang taon.

Bunga ng aktibo at maagap na atensyon ng BHB at ng mga organisasyong masa, signipikante ang naging pagbaba sa bilang ng mga kaso ng malarya sa mga lugar na ito. Marami rin sa mga nagkasakit ang wasto at maagap na nagamot. Tumaas ang kakayahan ng mga organisasyong masa sa pag-asikaso ng mga pasyenteng may malarya. Naiwasan ang pagkamatay at mga kumplikasyon.

Sa South at Northeast Mindanao naman, maagap na natugunan at nakontrol ng mga yunit ng hukbo ang isang pagkakataong nagkaroon ng paglaganap ng malarya sa kanilang hanay at sa magkakalapit na baryo. Nagkaroon din ng kampanya sa pagsprey ng insektisidyo, paggamit ng kulambo at pagtatanim ng punong neem sa mga lugar na pinagpupugaran ng mga lamok na maaaring may dala-dalang malarya. Mabisang insektisidyo ang katas ng punong neem at nakatataboy din sa lamok ang halimuyak ng mga dahon nito. ΑB

Ang "Radyo Ang Bayan" sa Samar

ng araw ng Linggo ay karaniwang itinuturing na araw ng pamamahinga. Ngunit sa halip na magsabong, mag-inuman, magliwaliw o mamasyal sa kabayanan, sa maraming baryong saklaw ng mga sona at baseng gerilya sa Samar nakaugalian na ng taumbaryo na dumalo sa mga pulong-edukasyon, pulong masa at iba pang makabuluhang rebolusyonaryong aktibidad pampulitika, pang-edukasyon at pangkultura na pinangungunahan ng kanilang mga rebolusyonaryong samahang masa.

Sa mga pang-masang aktibidad na ito isinilang ang "Radyo *Ang Bayan"*—ang pahayagang *Ang Bayan* sa anyo ng nakateyp na programang panradyo.

Ibinunsod ang "Radyo Ang Bayan" sa pagsisikap ng mga rebolusyonaryong pwersa sa Samar na palaganapin ang nilalaman ng pahayagan ng Partido sa sitwasyong mababa ang literasiya sa hanay ng mga magsasaka sa maraming liblib na baryo doon, bukod pa sa kakulangan o pagkaantala ng pagdating doon ng mga inimprentang kopya ng pahayagang Ang Bayan.

Mula sa obserbasyong mahilig

ang taumbaryo na makinig sa radyo laluna't halos wala namang nakararating na mga pahayagang burgis sa malalayong baryo, nabuo ang ideya na iteyp ang pagbabasa ng AB at isagawa ang mga pulongpakikinig at talakayan ukol sa mga nilalaman nito. Ginamit ng mga kasamang kumikilos doon ang simpleng de-bateryang audio cassette recorder para sa pagteteyp.


Inumpisahan ito noong Mayo 2004 at naisagawa nang ilang ulit mula noon. Pagdating ng kopya ng *AB* sa kanilang lugar, agad inihahanda ng mga kasama ang pagbubuo ng "Radyo *Ang Bayan*."

Sa isang baryo, nag-aambag ng piso ang bawat kasapi ng samahan para makabili ng mga baterya. Gamit ang loud speaker, ang nakateyp na mga artikulo at balita ay ipinaririnig sa buong baryo. Nagtitipon ang taumbaryo sa isang lugar at doo'y maghapon nilang pinakikinggan "Radyo Ang Bayan". Matamang pinakikinggan ng taumbaryo ang salitan ng mga rebolusyonaryong awitin at ng nilalamang mga artikulo at balita ng AB.

Minsa'y ginagawa sa sentrong sityo o sa bulwagang barangay ang pakikinig, o kaya'y sa kapilya sa baryo. Habang nakikinig ang karamihan ng taumbaryo, nagpoposte ang mga lokal na milisya sa mga estratehikong lugar sa paligid para mag-alerto sa baryo kung may darating na mga militar o di mapagkakatiwalaang elemento.

Gustong-gusto ng rebolusyo-

naryong masa na marinig at mahigpit na masubaybayan ang mga pagsusuri at panawagan Partido kaugnay ng mahahalaga at pinakasariwang pangyayari at usaping pampulitika, pangekonomya at iba pang mahahalagang isyu bansa at sa daigdiq, mga balita ng pag-unlad sa iba't ibang rebolusyonaryong gawain sa iba't ibang panig ng bansa laluna kapag may matatagumpay na taktikal na opensiba.



Matapos ang pakikinig, isinasagawa ang mga pangkulturang pagtatanghal at malayang pangkalahatang talakayan ukol sa mga isyung nais o nangangailangan pa ng pagpapalawig. At kung may nakikitang mga hakbanging kailangang isagawa, pinag-uusapan na rin ang mga ito. Minsan, halimbawa, natransporma and pulong-pakikiniq sa isang pulong upang paghandaan ang nakaambang militarisasyon at pasismo sa lugar. Ibinunsod iyon ng pakikinig sa isang artikulo tungkol sa militarisasyon.

Sa mga pulong-pagtatasa, lumitaw ang mungkahing magkaroon din ng mga drama tungkol sa kanilang mga suliranin at rebolusyonaryong paglaban kahit sa ganitong tipo lamang ng gerilyang "radyo," kaiba sa mga karaniwang naririnig sa komersyal na mga radyo.

Ang paglalabas ng "Radyo Ang Bayan" ay pagkilala na isang mahusay na daluyan ng rebolusyonaryong propaganda ang radyo o audio laluna sa mga lugar kung saan marami pa rin ang may limitasyon sa pagbabasa, at nahuhuli at kulang pa rin ang nakararating na kopya ng nakaimprentang AB. Sa paglalabas ng "Radyo Ang Bayan," ipinakikita ang determinasyon ng rebolusyonaryong kilusan na abutin ang malawak na masa, pukawin sila at pakilusin sa rebolusyonaryong landas.

Bunsod ng magandang inisyatibang ito ng mga kasama sa Samar, nagsimula na rin ang regular na paglalabas ng nakateyp na pagbabasa ng mga nilalaman ng edisyong Waray ng AB. Mula Nobyembre 7, ang mga ito ay nasa website na ng rebolusyong Pilipino (www.philippinerevolution.org) para mas mabilis itong makuha ng mga kasama sa Eastern Visayas at maiparinig sa ilampung libong sumusubaybay sa Ang Bayan.


Nagkakaisang prente laban sa monarkiya sa Nepal

sang malawak na nagkakaisang prente ang itinatag sa pagitan ng Communist Party of Nepal (Maoist) at ng anim na pangunahing parlamentaryong partido sa bansa noong Nobyembre 17 upang pagtulungan ang pagwawakas ng sistemang monarkiya sa ilalim ni Haring Gyanendra.

Isang lihim na pulong ang idinaos sa pagitan ng CPN (M) at mga mayor na parlamentaryong partido para talakayin ang pagbubuo ng nagkakaisang prente laban sa hari at mga plano sa pagtatapos ng qera sibil upang makamit ang demokrasya at kapayapaan sa Nepal. Nanguna sa pag-uusap sina Pushpa Kamal Dahal (mas kilala bilang Kasamang Prachanda), tagapangulo ng CPN (M), at si Girija Prasad Koirala, dating prime minister ng Nepal at pangulo ng Nepal Congress Party na pinakamalaki sa bansa. Nagbalangkas sila ng 12 Punto ng Pag-uunawaan at dito'y inihayaq anq batayan ng kanilang komun na paglaban sa absolutong monarkiya.

Nagsilbing udyok sa pagkakasundo ng pitong partido ang paglulunsad ni Gyanendra ng kudeta, pagbubuwag ng nakatalitar sa bansa noong Pebrero 2005. Idinahilan ng hari ang pangangailangan ng mga hakbanging ito para magapi ang digmang bayan. Mariing kinukundena ng malawak na mamamayan, ng mga parlamentaryong partido sa Nepal at ng pandaigdigang komunidad ang kudeta at batas militar at kaakibat na laganap na mga paglabag sa karapatang-tao sa bansa.

Sa halip na magapi ng mabangis na militarisasyon ng monarkiya, lalo pang bumilis ang pagsulong ng matagalang digmang bayan sa Nepal mula nang agawin ni Haring Gyanendra ang kapangyarihan. Malalaking bahagi ng kanayunan ng Nepal ang nasa ilalim ngayon ng Pulang kapangyarihang pampulitika. Tanging ang kabisera na lang ng Kathmandu ang nakokontrol pa ng hukbo ng hari. Sa pamumuno ng CPN (M), maging



paralisa ng mga pangkalahatang welga. Ayon sa pagtaya ng CPN (M), sa inabot nang lakas-militar ng People's Liberation Army (PLA) na naglulunsad ng digmang bayan sa Nepal mula 1996, patas na ito kumpara sa lakas ng hukbo ng monarkiya, at nangangailangan na lang ito ng malakawang suporta ng mga parlamentaryong partido at ng mga panggitnang pwersang nakabase sa kalunsuran upang ganap na wakasan ang paghahari ng monarkiya.

Dati'y naging masyadong "Kaliwa" ang pakikitungo ng CPN (M) sa mga parlamentaryong partido. Ang mga ito'y maka-isang panig na itinuring na oportunista at hindi inugnayan ng CPN (M). Sa bisperas ng tuluyang pagmamartsa ng CPN (M) tungo sa tagumpay, napagtanto ng partido na mali ang gayong patakaran. Iwinawasto nito ngayon ang dati nitong sektaryanismo at aktibong nang gumagawa ng mga hakbang para makipagkaisa sa mga parlamentaryong partido, makabig

ang lahat ng iba pang positibong pwersa at lubusang maihiwalay ang awtokratikong monarkiya.

Obhetibong nagsilbing mainam na kundisyon ang pagkalunsad ng kudeta ng hari para sa pagpapasigla ng pakikipag-ugnayan ng CPN (M) sa mga parlamentaryong partido. Para lalo pang mahiwalay ang hari at mapainam ang kalagayan sa pagbubuo ng malawak na nagkakaisang prente, nagdeklara ang CPN

Sundan sa "Nepal," pahina 13

Pansamantalang tagumpay sa paglaban sa WTO

B ahagya at pansamantalang tagumpay ang nakamit ng Grupo ng 90 na binubuo ng mahihirap na bayan, kabilang ang Pilipinas, sa laban nito sa maka-imperyalistang mga patakaran ng World Trade Organization (WTO). Katatapos lamang ng ikaanim na ministerial conference nito na idinaos sa Hongkong nitong Disyembre 11 hanggang 18. Ayon kay Rep. Teddy Casino ng partidong Bayan Muna, haharapin pa ng mahihirap na bansa ang isang malaking laban sa susunod na pulong ng WTO sa Abril 2006.

Sinabi ni Casino na sa kalahatan, nakakuha ang mga mahihirap na bayan ng kaunting panahon nang pansamantalang ibalam ang pagpapatupad ng ilang patakaran ng WTO na nakasisira sa interes ng mahihirap na bayan, tulad ng "Annex C" ng General Agreement on Trade and Services.

Layunin ng GATS Annex C na pabilisin ang liberalisasyon ng sektor serbisyo na may kaugnayan sa agrikultura—bagay na tiyak na sasamantalahin ng mga imperyalista. Malaki ang naging papel at impluwensya ng mga kinatawan ng mga progresibong party-list sa Kongreso ng Pilipinas sa naging pusisyon at paqdadala rito ng delegasyon ng gubyerno ng Pilipinas. Sina Casino at Rep. Rafael Mariano ng partidong Anakpawis ay umupo bilang upisyal na mga tagapayo sa delegasyon ng gubyerno sa WTO. Sina Rep. Satur Ocampo, Liza Maza at Crispin Beltran naman ay umupo rin bilang mga tagapagmasid rito. Pinasimunuan din ng mga kongresistang ito ang kampanya ng pagpapapirma sa mga kinatawan mula sa iba pang bayan para magkaisa sa komun na pusisyon laban sa GATS Annex C.

Mula simula hanggang katapusan, ang ikaanim

na ministerial conference ng WTO ay hindi nilubayan ng mga kilos protesta. Nilahukan ang mga kilos protesta ng humigit-kumulang na 10,000 kasapi ng 400 organisasyong anti-"globalisasyon" mula sa iba't ibang bayan at nakapaloob sa dalawang malaking koalisyong anti-WTO—ang International League of Peoples' Struggle (ILPS) at The World Is Not for Sale. Tampok ang paglahok sa mga protesta ng malaking bilang ng mga Pilipinong domestic helper (DH) sa Hongkong. May 1,000 DH na myembro ng United Filipinos in Hongkong na dumalo sa protestang rali na inilunsad ng ILPS noong Disyembre 17.

Sa loob ng anim na araw na pagpuprotesta laban sa WTO, tumampok ang mga pakikibaka ng mahihirap na bansa at mamamayan laban sa imperyalistang pandarambong at gera. Walang humpay na inilantad at binatikos ng mga demonstrador ang WTO bilang instrumento ng imperyalistang pandarambong.

Nilinaw sa Forum on Trade and War, na itinaguyod ng ILPS, Resist! (Resist Imperialist Plunder and War Network) at BAYAN noong Disyembre 14, na ang kalakalan sa panahon ng imperyalismo ay nangangahulugan ng inter-imperyalistang gera at kolaborasyon upang madomina at madambong ng mga imperyalista ang mga atrasadong bayan, tulad ng Pilipinas. Nanawagan ang Forum on Trade and War ng malapad na anti-imperyalistang nakakaisang prente upang isustine ang anti-imperyalistang pakikibaka.

Nagkaroon din ng pagbahagihan ng mga pananaw, mga karanasan, taktika, at mga anyo ng organisasyon at pagkikibaka ang mga lumahok na organisasyon at aktibista.



"Nepal," mula sa pahina 12

(M) ng unilateral na tigil-putukan noong Setyembre kahit na binabalewala ito ng hari. Nitong Disyembre 1, idineklara ng CPN (M) ang pagpapatuloy pa ng tigil-putukan nang isa pang buwan.

Sa kanilang kasunduan, nagkasundo ang pitong partido sa pananaw na ang awtokratikong monarkiya ang pangunahing sagka sa pinakahinahangad ng lahat ng Nepali na demokrasya, kapayapaan, kasaganaan, pag-unlad ng lipunan, kalayaan at soberanya. Hindi maaaring magkaroon ng kapayapaan, pag-unlad at kasaganaan sa Nepal kung hindi makakamit ang kapayapaan at maitatatag ang demokrasya sa pamamagitan ng pagwawakas sa awtokratikong monarkiya, anila. Itutuon nilang lahat ang kanilang pwersa laban sa awtokratikong monarkiya upang makapagbuo ng daluyong ng mga demokratikong protesta sa buong bansa hanggang tuluyang maibagsak ang paghahari ni Gyanendra.

Sa pagtutulungan ng mga partidong ito, inilunsad nitong Disyembre 2 ang pinakamalaking demonstrasyon laban sa hari mula noong kanyang kudeta noong Pebrero. Sinimulan ang unang magkasanib na mas malalaki pang aksyong protesta noong Disyembre 11.

Kasabay ng pakikipagkasundo sa ibang mga partido, nananatili ang kalayaan at inisyatiba ng mga rebolusyonaryong Nepali na magtatag ng isang demokratikong republika. Ang nagkakaisang prente, ani Prachanda, "ay panimulang koalisyon sa pagitan ng masang naghahangad ng republika at ng mga partido pulitikal na naghahangad ng kapayapaan.. Kung ang lahat ng panig ay aabante... ang unawaang ito ay maaaring tumungo pa sa isang pangmatagalang prente."

Kinutya ng pitong partido ang alok ng hari na magtawag ng mga lokal na eleksyon sa Pebrero 2006 at eleksyong pamparlamento sa 2007 na ayon sa kanila ay magiging huwad lamang. Sa halip, nagkaisa silang magdaos ng tunay na eleksyon makaraang maibagsak ang hari. Sang-ayon sila na pangasiwaan ng United Nations ang nasabing eleksyon. Nagbubukas din ang CPN (M) na pansamantalang ipailalim ang PLA sa United Nations o iba pang anyo ng pandaigdigang superbisyon sa panahon ng eleksyon.

Nagpahayag ng suporta si UN Secretary General Kofi Annan sa aksyon ng mga rebolusyonaryong Nepali at mga parlamentaryong partido. Sinabi niya na handa siyang tumulong sa anumang paraan para matamo ang mapayapang solusyon sa labanan.



SDO ng Hacienda Luisita, tuluyang ibinasura

IBINASURA ng Presidential Agrarian Reform Council (PARC) ang iskemang stock distribution option ng Hacienda Luisita Inc. sa resolusyon nito noong Disyembre 20. Sa pamamagitan ng resolusyong ito, ang 4,915 ektaryang lupaing saklaw ng Hacienda Luisita ay bibilhin na ng gubyerno at ipaiilalim sa reporma sa lupa. Ang PARC ang ahensya ng reaksyunaryong gubyerno na nagpapasya sa mga kasong agraryo.

Binabaligtad ng desisyong ito ang dating desisyon ng PARC na nag-apruba sa iskemang SDO. Ang iskemang ito ay mariing tinututulan ng mga magsasaka bilang isang mapanlinlang na iskema upang sa anyo ng pagpapalit umano ng mga sapi ng korporasyon sa lupa ay mapanatili sa kamay ng mga panginoong maylupa ang kanilang malalawak na lupain.

Ang desisyong ito ay bunga ng militanteng pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa. Isa itong panimulang tagumpay. Subalit mahaba pa ang lalakbayin para makamit ang tunay na reporma sa lupa laluna't umaapela at naghahabol pa ng pasubali ang pamilyang Cojuangco.

Sa ilalim ng SDO, namahagi ang HLI sa mga manggagawang-bukid ng tig-iilang sapi sa Central Azucarera de Tarlac (CAT) na katumbas umano ng lupang dapat mapunta sa kanila. Ngunit, taliwas sa ipinangangalandakan ng HLI-CAT, hindi natikman ng manggagawang-bukid ang pangakong biyaya na ihahatid umano ng SDO. Walang iniresulta ang SDO kundi ang lalo pang pagkalubog ng mga manggagawang bukid sa kumunoy ng kahirapan at kawalan ng pagasang magkaroon ng lupang masasaka.

Tumampok ang pakikibaka laban sa SDO nang sama-samang nagwelga ang mahigit 5,000 kasapi ng United Luisita Workers Union (ULWU) at 700 kasapi ng Central Azucarera de Tarlac Labor Union (CATLU) noong Nobyembre 2004 upang tutulan ang sistematikong panggigitpit at maramihang pagpapatalsik sa kanila.

Ang welga ay marahas na binuwag ng mga sundalo ng NOLCOM na nagresulta sa pagpatay sa pitong welgista at pagkasugat ng mahigit isandaan pa. Nagpatuloy pa pagkatapos nito ang karahasang militar laban sa mga manggagawa at manggagawang bukid sa Hacienda Luisita. Pinakahuli noong nakaraang Nobyembre ang pagpaslang kay Ricardo Ramos, tagapangulo ng CATLU.



Apat na aktibista, pinaslang sa Central Luzon

WALANG tigil ang kampanya ng rehimen ng pamamaslang at iba pang karahasan laban sa karapatang-tao. Nitong ikalawang hati ng Disyembre, apat na kasapi ng mga progresibong organisasyon ang pinatay sa Central Luzon.

Bandang 1:20 ng hapon noong Disyembre 16, binaril si Jessie Alcantara, 46, coordinator ng Bayan Muna at lider ng mga drayber ng traysikel sa San Ildefonso, Bulacan. Dalawang linggo bago mangyari ang pamamaslang, si Alcantara ay pinaghahahanap ng mga sundalo sa kanilang lugar. Binaril siya habang nagmamaneho ng kanyang traysikel

Bandang ala-5:10 ng hapon, pinagbabaril naman ng dalawang taong nakasakay sa motorsiklo sina Barangay Captain Victorina Gomez at Barangay Kagawad Romeo Atienza ng Parian, Mexico, Pampanga. Nakaligtas sa pananambang ang kasama nilang si Barangay Kagawad Reynaldo Macabali. Ang tatlo ay pawang mga kasapi ng Aguman da reng Maglalautang Capampangan at Bayan Muna. Kagagaling lamang ng tatlo sa pulong ng baryo na ipinatawag ng 69th IB ng Philippine Army nang pagbabarilin sila. Iginigiit nila ang pagpapaalis sa mga sundalong nakahimpil sa kanilang barangay hall.

Dalawang araw bago ito, pinaslang si Alfredo Manaol, Jr., 48, sa loob ng kanyang bahay sa Barangay Balaong, San Miguel, Bulacan noong Disyembre 14. Si Manaol ay kasapi ng Alyansa ng mga Magbubukid sa Bulacan (AMB) at anak ni Alfredo Sr., tagapangulo ng AMB.

Umabot na ngayon sa 110 ang mga aktibistang pinaslang sa bansa sa loob lamang ng nakaraang 10 buwan.

Promosyon ni Palparan, kinumpirma na

KINUMPIRMA ng Commission on Appointments (CA) nitong Disyembre 16 ang promosyon ni Gen. Jovito Palparan bilang *major general* ng AFP sa kabila ng malawakang pagtutol ng mamamayan at mga progresibong kongresista. Binalewala ng CA ang napakaraming kaso ng malalalang paglabag sa mga karapatang tao na kinakaharap ni Palparan.

Ang kumpirmasyon ng promosyon ni Palparan ay itinuturing niyang lisensya para pumatay pa ng mas maraming aktibista at magmalupit pa sa mamamayan. Aniya, "Papaspasan ko na ito. Didikdikin natin sila." Matapos ang kanyang promosyon, kaagad niyang iniatas ang pagpapakat ng mas maraming tropa sa mga baryong pinagsususpetsahang kinikilusan ng BHB sa Central Luzon.

Anti-terrorism bill, minamadali ni Arroyo

ISANG mainit na banggaan ang inaasahang sisiklab sa pagitan ng rehimeng US-Arroyo at mamamayang Pilipino sa harap ng pagpupumilit ng Malakanyang na itulak ang pagpapatibay ng Anti-Terrorism Bill (ATB). Sa pamamagitan ng mga tapat na alipures nito sa mababang kapulungan ng Kongreso, ang House Bill 4839 o Anti-Terrorism Bill (ATB) ay mabilisang ipinasa sa ikalawang pagbasa ng Committee on Justice at Committee on Foreign Affairs nitong Disyembre 15. Inaasahang mapagtitibay ito sa muling pagpupulong ng komite sa darating na Enero.

Ang ATB ay isang panukalang batas na naglalatag ng labis na masaklaw na depinisyon ng "terorismo" at nagbibigay sa estado ng mas malaking walang-sagkang kapangyarihan. Balak na gamitin ito ng rehimeng Arroyo bilang instrumentong halos katumbas na ng batas militar sa pagsikil sa mga kalayaang sibil ng mamamayan at panunupil sa mga pagtutol sa kanyang paghahari.

Sa kabila ng tumitinding pagbatikos ng mamamayang Amerikano at ng mamamayan ng daigdig sa pagmamatigas ni US President George W. Bush na patuloy na igiit ang "gera laban sa terorismo," itinutulak niya ang pagbabalangkas ng mga anti-terroristang batas ng mga papet na gubyerno nito upang magsilbing sangkalan sa *superpower* na paghahari ng US sa buong mundo. Minamadali ni Arroyo ang pagpapatibay ng ATB sa kabila ng malawakang pagtutol dito ng mamamayang Pilipino. Kahit ang ibang bansa sa Asia ay hindi mapilit ng gubyernong US na magbalangkas ng katulad na batas. Sa pagtutulak ng ATB, nais ni Arroyo na "pasayahin" ang kanyang among si Bush.

Ang malawakang pagtutol ng mamamayang Pilipino sa ATB ay nagtutulak sa Senado na pumanig sa mamamayan laban dito. Ayon kay Senador Joker Arroyo na kabilang sa mga magiit na tumututol sa ATB, hindi dapat pumayag ang Pilipinas na maging utus-utusan ng US.



Taon XXXVI Blg. 24 Disyembre 21, 2005 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Panghawakan ang inisyatiba, isulong ang armadong rebolusyon

I pinagbubunyi ng mamamayang Pilipino ang pangkalahatang pagsigla ng mga taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Ang pagbwelo ng armadong rebolusyon at naipakita nitong kakayahan laluna sa nagdaang tatlong buwan ay kabilang sa pinakatampok at mayor na mga tagumpay ng rebolusyonaryong kilusan ngayong taon.


Ang malaking pagsulong ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa mga nagdaang buwan ay ibinunga ng mahigpit na pagtugon ng mga kumand ng BHB

sa panawagan ng Partido Komunista ng Pilipinas na panghawakan ang inisyatiba at maglunsad ng mga taktikal na opensiba. Layunin nitong patampukin ang rebolusyonaryong armadong paglaban katugon ng pagsulong ng militanteng hayag na kilusang masa para sa pagpapatalsik sa rehimeng US-Arroyo at iabante ang digmang bayan sa susunod na mas mataas na antas sa loob ng estratehikong depensiba.

Batay sa kakayahan ng iba't ibang kumand ng BHB, nakapaglunsad ito ng maraming maliliit at malalaking taktikal na opensiba na nagdulot ng di maliit na kabuuang pinsala sa mga pasistang ar-

madong tropa at iba pang masasamang elemento, laluna sa mga sagadsaring pasista at may mabibigat na krimen sa mamamayan. Malaki-laking bilang ng mga armadong tropa ng AFP at Philippine National Police (PNP) ang nalipol sa kabuuan ng mga taktikal na opensibang ito. Ilampung malalakas na sandata ang nasamsam upang armasan ang mga Pulang mandirigma at palakasin pa ang hukbong bayan.

Ang nagaganap na pagsikad ng mga taktikal na opensiba ay pumupunit sa propagandang pilit na ini-



Mga tampok sa isyung ito...

195 taktikal na opensiba sa loob ng tatlong buwan PAHINA 4 Paglulubid ng mga kwento ni Garci PAHINA 6 Ang "Radyo Ang Bayan" sa Samar PAHINA 10

Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
 - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
 - k) I-click ang Properties
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
 - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa panugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*